Mga Artikulo ni J. B. Nicholson Jr.

J. B. Nicholson Jr.

Salin sa Tagalog ng “Articles by J. B. Nicholson Jr.”

© Uplook Ministries. Ginamit nang may pahintulot. Isinalin sa Tagalog ng KEE Philippine Missions.

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Ang Iba Pang mga Hukom

Kahit may mga kahinaan sila, at ang ilan ay mas halata kaysa sa iba, ang panahon ng mga hukom (o mga tagapagligtas) ng Israel ay nagbibigay sa atin ng ilan sa pinakamatitinding eksena sa buong Lumang Tipan. Sino sa atin ang hindi kinilig nang makita ang sampung libong kawal ni Barak na humahangos pababa sa matarik na gilid ng Tabor patungo sa mga ‘nalitong’ hukbo ni Sisera sa lambak sa ibaba? Sino ang hindi mamamangha kung napanood niyang buhatin ni Samson ang mga pintuang-bayan ng Gaza, pati mga pinto, mga haligi, ‘pati ang halang at lahat’? O ang araw na pinabagsak niya ang bahay sa huling eksena ng kanyang buhay? Hindi ba tayo mapapahalakhak kung narinig natin ang balita sa palengke kinabukasan matapos sugurin ni Ehud ang leon sa mismong lungga nito sa palasyong pantaglamig ni Eglon sa Jerico? At kung nagkaroon lang sana tayo ng pagkakataong manood mula sa malayo nang magliwanag ang mga ilaw noong gabing ipinaghiganti ng ‘tabak ng Panginoon at ni Gideon’ ang pitong taon ng pang-aapi ng mga Midianita! Nakaaantig ang bawat kuwento, pero hindi lang sina Otniel at Ehud, Debora at Barak, Gideon at Samson ang mga hukom sa aklat. Paano naman ang iba pang mga hukom?

Nariyan si Shamgar. Pati ang pangalan niya ay nakalista na ‘hindi tiyak ang pinagmulan’. Hindi madali ang panahong kinabuhayan niya. Gaya ng awit nina Debora at Barak, ‘Sa mga kaarawan ni Shamgar na anak ni Anat, sa mga kaarawan ni Jael, ang mga lansangan ay walang dumadaan, at ang mga manlalakbay ay

nagdaraan sa mga landas na liko’, Judg. 5. 6. Ang tanging hawak nila ay ang Pentateuch bilang Biblia at marahil ilang mga awit. Hindi pa nananahan ang Espiritu Santo sa bawat mananampalataya gaya ngayon. Sa pagkakaalam natin, walang mga lokal na pagtitipon para magpalakasan ng loob sa madidilim na panahong iyon. Habang winawasak ng kaaway ang bayan ng Diyos, ‘walang hari sa Israel’ na mapagkakaisahan nila. At walumpung mahahabang taon na ang lumipas mula nang itaboy ni Ehud ang mga Moabita sa hangganan ng Israel sa timog-kanluran.

Sa ganoong panahon, si Shamgar, anak ni Anat, ang humarap at tumayo sa puwang. Ang sandata niya? Isang pantaboy ng baka. Ang mga kalaban niya? Anim na raang Filisteo. Ang simpleng papuri sa kanya? ‘At iniligtas din naman niya ang Israel’. Matuturuan tayo ni Shamgar ng simpleng sikreto ng tagumpay laban sa ganitong nakakatakot na mga kaaway ngayon.

Ang pantaboy ay ginawa dahil inaasahang may pagtutol, sapagkat iyon mismo ang trabaho nito – bigyan ang ayaw gumalaw ng matinding dahilan para sumunod. Natuklasan ito ni Saulo ng Tarso, at napatunayan niyang mahirap talagang sumikad laban sa Isang ang kalooban ay kanyang nilalabanan, Acts 9. 5. Ganito rin ang napansin ni Moises sa mga Israelita noong panahon niya, ‘Nguni't si Jeshurun ay tumaba at sumikad: ikaw ay tumaba, ikaw ay lumapad, ikaw ay naging makinis; nang magkagayo'y kaniyang pinabayaan ang Dios na lumalang sa kaniya, at niwalang kabuluhan ang Malaking Bato ng kaniyang kaligtasan’, Deut. 32. 15.

May tulis ang pantaboy na may silbi lang kapag itinusok nang husto. Sabi nga ng Mangangaral, ‘Ang mga salita

ng pantas ay parang mga tungkod na pantaboy’, Eccl. 12. 11. Kung iyon lang ang hawak ni Shamgar, hindi pa rin siya susuko sa mga puwersang nakatapat sa kanyang bayan. Hayaan nang dumaan ang iba sa mga likong landas para iwasan ang di-tuling kaaway; hindi siya. ‘Ang masama ay tumatakas, bagaman walang taong humahabol: nguni't ang matuwid ay matapang na parang leon’, Prov. 28. 1.

Puwedeng maging mabisang sandata ang pantaboy kung wala nang iba pang mahawakan. Si Shamgar sana ang magandang halimbawa para sa Israel noong mga unang araw ni Haring Saul. ‘Wala ngang panday na masumpungan sa buong lupain ng Israel: sapagka't sinabi ng mga Filisteo, Baka ang mga Hebreo ay magsigawa ng mga tabak o mga sibat: kundi lahat na mga Israelita ay nagsisilusong sa mga Filisteo upang ihasa ng bawa't lalake ang kaniyang sudsod, at ang kaniyang suyod, at ang kaniyang palakol, at ang kaniyang piko. Gayon ma'y mayroon silang pangikil para sa mga piko, at sa mga suyod, at sa mga tinidor, at sa mga palakol, at upang ihasa ang mga tungkod na pantaboy. Kaya't nangyari nang araw ng pagbabaka, na walang tabak o sibat man na nasumpungan sa kamay ng sinoman sa bayan na kasama ni Saul at ni Jonathan’, 1 Sam. 13. 19-22. Kayang makisama ng mga Filisteo sa bayan ng Diyos basta't walang armas ang Israel. At hindi ba't totoo rin sa panahon natin na halos naalisan na tayo ng sandata ng kaaway? Dati tayong kilala bilang mga tao ng Aklat, pero ngayon ay kulang na kulang na tayo sa mahuhusay na manghahawak ng tabak.

Pero sandali! Totoo, hindi tabak ang pantaboy, pero nakita ni Shamgar na sapat na iyon para matapos ang trabaho. Kung hindi pa natin kayang hawakan ang

malaking tabak ni Goliat gaya nang nasa kamay ito ni David para pugutan ang kaaway, ni ang tabak ni Jonathan gaya ng paggamit niya rito para pasukuin ang isang himpilan ng kaaway, may pangikil pa rin tayo para ihasa ang mga pantaboy, v. 21. ‘Ang bakal ay nagpapatalas ng bakal; gayon pinatatalas ng tao ang mukha ng kaniyang kaibigan’, Prov. 27. 17. Kapag ang pampublikong ministeryo ay hindi gaya ng nararapat, tayo-tayo na lang ang magpasiglahan sa isa't isa sa pamamagitan ng ilang matatalinong salitang natutunan natin mula sa Diyos sa tahimik na lugar. Huwag sanang panghinaan ng loob ang mga Shamgar sa gitna natin. Palakasin ninyo ang loob ng isa't isa araw-araw, na piliin ang matuwid na daan, na maging handa sa pagtutol ng kaaway, na laging nakahanda ang ating tulis, na itusok ito nang mabuti, at na manatili sa trabaho hanggang tayo man ay magamit para iligtas ang bayan ng Diyos.

Sino ang Nagmamahal sa mga Muslim?

Kahit hindi mo alam ang eksaktong mga numero, kita mo ang takbo ng mga pangyayari. Ang Islam, ang relihiyon ng Huwad na Propeta, ay lumalakas sa buong mundo. Binaha na nito ang Indonesia, pinag-alab ang damdamin ng tatlumpu o higit pang bansa sa Gitnang Silangan, bumubuhos na papasok sa Kanlurang Europa, at baka nagtatayo na ng mosque sa kapitbahayan mo sa mismong sandaling ito.

Mahal nina Paul at Carol Bramsen ang mga Muslim, at naglingkod sila sa Panginoon sa gitna ng mga Muslim na Wolof sa Senegal, West Africa, mula pa noong 1991. Isa sa pinakamabisa at pinakamalawak nilang ministeryo ay sa pamamagitan ng radyo.

Isa sa mga bunga ng pagpapagal na iyon, na libreng mapipitas ng iba na may puso para sa mga Muslim, ay ang bagong labas na aklat, The Way of Righteousness. Ang makapal na aklat na ito na may 544 na pahina ay maganda ang pagkakagawa at may full-color na pabalat. Pero ang laman nito ang talagang mahalaga. Gaya ng isinulat ni Paul:

Ang The Way of Righteousness (TWOR) ay salin sa Ingles ng isandaang programa sa radyo na tig-15 minuto na una kong isinulat sa wikang Wolof para sa mga Muslim ng Senegal, West Africa. Habang isinasaisip ang pananaw ng Islam tungkol sa Diyos, sa tao, at sa kaligtasan, inilalahad ng TWOR nang sunud-sunod ayon sa panahon ang mga pangunahing kuwento at ang sentrong mensahe ng mga propeta ng Diyos.

Magkakaugnay ang lahat ng isandaang programa, pero bawat isa ay puwedeng tumayo nang mag-isa—hinahamon ang nakikinig na pag-isipan ang daan ng Diyos tungo sa katuwiran. Ang ilang aralin ay hango sa mabisang serye ni Trevor McIlwain na sunud-sunod ayon sa panahon, ang Firm Foundations.

Sinasabi ng awtor na dalawa ang layunin ng aklat: una, para sa mga mambabasang Muslim, isinulat nang simple, ayon sa Biblia, may pagmamahal, at may karunungan para sa mambabasang may ganitong pananampalataya; pangalawa, para isalin sa iba pang wika para sa brodkast sa radyo (o video). Magdadagdag ako ng pangatlo. Binabasa ko ang aklat para mas maintindihan ang pag-iisip ng mga Muslim (lagi akong nakakakilala ng mga Muslim, at malamang ikaw rin) at para makahanap ng mas mabisang paraan ng pagpapahayag ng ebanghelyo sa kanila.

Ang The Way of Righteousness, pagkatapos ng panimulang kabanata na pinamagatang “Nagsalita ang Diyos,” ay sumasabak agad sa isang simpleng pagtalakay sa buong Biblia. Saklaw nito ang lahat mula sa “Ano ang Diyos?” (Gen. 1) hanggang sa dalawang kabanatang nagtatapos sa aklat na pinamagatang “Ano ang Palagay Mo kay Jesus?”—kaya puwede talagang gamitin ang aklat bilang gabay ng guro (o ng magulang) para turuan ang mga kabataan sa buong Salita ng Diyos. Napakaganda rin nito para sa malaking bilang ng mga Muslim na nakakulong sa mga bilangguan sa US. Kasindami ng gamit ng Swiss Army knife ang mga gamit ng aklat na ito.

May apat na nakatutulong na apendiks ang aklat. Ang Appendix A ay nagbibigay ng paraan para mailagay ang

lahat ng 100 mensahe sa 20 cassette tape. Ang Appendix B ay naglilista ng 16 na nakapagpapaliwanag na kasabihang Wolof at ang kanilang aplikasyon sa ebanghelyo, isang paalala na isa sa pinakamabisang paraan ng pakikipag-usap (gaya ng ipinakita ng ating Panginoon) ay ang pagkukuwento. Ipinakikilala ng Appendix C ang paraan ng pagtuturo ng Biblia nang sunud-sunod ayon sa panahon at ang mga batayan nito, para sa mga hindi pa pamilyar dito. Ang Appendix D, "Insights into Islam," ay sulit na sa halaga ng buong aklat.

Siyanga pala, puwede mong makontak ang awtor sa e-mail sa:

tworbook@iname.com

Puwede mo ring tingnan ang mga aralin sa internet sa:

http://injil.org/TWOR/

Malaking paglilingkod sa Iglesia ang ginawa ni Paul Bramsen sa aklat na ito. Pero gaya ng isinulat niya: "Hindi ko masasabing ako ang may orihinal na ideya sa seryeng ito, gaya rin ng taong nag-ayos ng isang bouquet na hindi maaaring angkinin ang bango at pambihirang ganda ng mga bulaklak. Ang mga araling ito ay simpleng pagkakaayos ng maluwalhating Salita ng Diyos at pagtatanghal sa Isang 'lubos na kaibig-ibig.'"—J. B. N., Jr.

Mga Aral Mula sa mga Amish

Hindi lang dahil ito na ang pangatlong pamamaril sa paaralan sa loob ng wala pang isang linggo kaya napukaw ang pansin ng America. Kundi dahil sa kakaibang tanawin ng police tape, mga imbestigador at mga news crew sa gitna ng mga kabayo at kalesa ng mga Amish at ng mga taga-roon na nakasuot ng kanilang simpleng kasuotan.

Halos hindi maisip na ang ganoon kawalang-saysay na karahasan ay sasabog sa gitna mismo ng lupain ng mga Amish. At nang lumabas ang balita na ganoon kalupit na pinagbabaril ng salarin ang mga walang-malay na iyon sa paraang walang pagkatao—parang naantig pati ang pinakamatitigas na puso.

Pero ang mga Amish, na kilala sa kanilang hindi paggamit ng karahasan, ay hindi papayag na iyon ang maiwan sa alaala ng mundong nanonood. Sa halip, ibang eksena malapit sa probinsiyang bayan ng Georgetown, PA ang lilitaw, na marahil mas nakagugulat pa sa isang lipunang naging manhid na dahil sa walang-tigil na karahasang nakikita nito.

Ganito ang ulat ng Fox News: “Dose-dosenang kapitbahay na Amish ang lumabas noong Sabado para makiramay sa tahimik na tagahatid ng gatas na pumatay sa lima sa kanilang mga batang babae at nakasugat pa ng lima sa isang maikli at hindi maunawaang pagwawala. Si Charles Carl Roberts IV, 32, ay inilibing sa puntod ng pamilya ng kanyang asawa sa likod ng isang maliit na simbahang Methodist, ilang milya mula sa iisang-silid na paaralang sinugod niya noong Lunes. Nakatingin ang kanyang asawang si Marie at ang tatlo

nilang maliliit na anak habang inililibing si Roberts sa tabi ng kulay-rosas at hugis-pusong puntod ng sanggol nilang anak na babae na ang pagkamatay siyam na taon na ang nakararaan ay mukhang hindi siya pinatahimik.”

Pagkatapos ay sinabi ng ulat: “Mga kalahati ng marahil 75 nakiramay na naroon ay mga Amish.”

Ang ganitong pagpapatawad ay halos hindi maisip ng lipunang Kanluranin. At mukhang isang dahilan nito ay ang mga pagtatangka sa nakaraang siglo na burahin ang konsepto ng kasalanan sa ating sama-samang kamalayan. Kung wala nang halaga ang kasalanan, ang pagkakasala, ang paggawa ng mali, paano pa ang pagpapatawad? Sa isang mundong puno ng ganitong mga walang-saysay na gawa, ang pagpapatawad ang nagiging pinakawalang-saysay sa lahat, kung wala namang tinatawag na kasalanan.

Siyempre, may hangganan ang pagpapatawad sa antas ng tao. Ang kailangan ni Charles Roberts—at ang kailangan ng marami sa mga Amish, kasama ng buong mundo—ay matuklasan ang sikreto ng Biblia tungkol sa pagpapatawad ng Diyos. Kailangan nitong talikuran ang lahat ng sariling pagsisikap, lahat ng gawang inaakalang may merito, lahat ng relihiyosong ritwal bilang paraan para makamtan ang biyaya. Ito ay kailangan sa tunay na pagsisisi. Sa halip, kailangang ipaubaya ng tao ang kanyang kaso sa Diyos, tanggapin ang Panginoong Jesus bilang Tagapagligtas at ang Kanyang natapos na gawain bilang tanging daan ng kaligtasan.

Ang panalangin namin para sa komunidad na ito ng mga Amish, at para sa mundong nanonood, ay na ang katapusan ng kakila-kilabot na kabanatang ito ay ang

pagkatuklas ng marami sa walang-bayad na pagpapatawad ng Panginoon.

Mga Permutasyon

per•mu•tas•yon, pangngalan, isang paraan, lalo na, isa sa ilang posibleng pagkakaiba, kung paano maaaring ayusin o pagsunud-sunurin ang isang grupo o bilang ng mga bagay. Napapaisip ako tungkol sa mga pagkakaayos ngayon dahil apat ang teenager sa bahay namin. Nakakamangha kung gaano karaming iba't ibang kombinasyon ng mga tao, mga lakad, mga sasakyan, at mga krisis ang puwedeng mangyari sa ganitong sitwasyon. Mula sa pinakabagong National Review magazine (Ago 13), nalaman ko na ang larong checkers ay sumuko na, matapos ang 18 taon at daan-daang computer na umuugong sa University of Alberta. Ang Chinook, ang programang ginawa nila, ay sinanay na ibigay ang pinakamagandang posibleng sagot sa alinman sa—kumapit ka sa checkerboard mo—500 bilyong bilyong posibleng posisyon sa board! Diyan na pala umabot ang mga paaralan ng mataas na karunungan.

Dito ako papunta. Alam mo ang nangyayari habang lumalaki ang pamilya. Habang dumarami ang mga taong may opinyon tungkol sa isang okasyon, mas malamang na kailangang magbigayan. Nagdedesisyon tayo alinman sa paghahanap ng pinakamagandang posibleng ayos para sa pinakamaraming tao (karamihan sa mga kamag-anak mo ay nakatira malapit sa ganoong parke kung saan gaganapin ang reunion), sa pagpapaubaya muna ng pakinabang sa ibang okasyon (sa bahay ko ang Pasko at sa inyo ang Thanksgiving), o sa utos ng nakatataas (sa nanay ko tayo pupunta ngayong taon, at tapos ang usapan!).

Isipin mo kung ano kaya sa trono ng Diyos habang tinitingnan ng Panginoon ang mahigit anim na bilyong kaluluwa, bawat isa'y may sariling kalooban, at bawat isa'y may matigas na hilig na lumihis sa daan. Idagdag mo pa ang masasamang balak ng mga puwersa ng impiyerno, mga kalamidad, mga digmaan, mga kamatayan, at bawat iba pang pangyayaring parang salungat. Pero kahit papaano, sa kabila ng kabiguan ng tao, ng paghihimagsik, at ng paninira ng mga demonyo, natutupad pa rin talaga ang kalooban ng Diyos. At hindi lang sa pangkalahatang paraan, kundi gaya ng isinulat ni Pablo tungkol sa mga mananampalataya, "Ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa Dios" (Rom. 8:28).

Napakalaking kapahingahan ang nasa soberanya ng Diyos, hindi dahil kinokontrol Niya nang detalyado ang bawat galaw. Sa halip, ito ang kamangha-mangha: matapos Niyang bigyan ng kalayaan (bagaman may hangganan) ang tao at ang demonyo, kahit pareho nilang ginawa ang halos laging kabaligtaran ng gusto ng Diyos, natutupad pa rin ang kalooban ng Diyos. Ang krus—kasama ang pagpasok ng diyablo kay Judas at ang sumunod niyang pagkakanulo, ang pakana ng Sanedrin, at ang palabas na paglilitis ng mga Romano—sa huli ay tumupad sa kalooban ng Diyos.

Ang soberanya ng Diyos ay hindi nangangahulugang inaapi Niya ang Kanyang mga nilalang, kundi nakahanap Siya ng kahanga-hangang mga paraan para malampasan ang kahangalan ng tao at magdala ng pagpapala sa atin sa kabila ng ating mga sarili.

Pagkilala sa Katotohanan at sa Maling Aral

Sa dami ng iba't ibang aral na itinataguyod ng mga nagpapakilalang Kristiyano, madaling malayo sa tunay na aral ng Biblia. Ang sumusunod ay listahan ng mga nakatutulong na gabay na ibinigay ni J.B. Nicholson Jr. sa Ontario workers and elders conference na ginanap sa Markham noong Mayo 1995.

Anumang aral - sinuman ang nagtuturo nito - ay masusubok sa pamamagitan ng sumusunod na siyam na tanong. Kung "oo" ang sagot sa alinman sa mga tanong na ito, makatitiyak kang hindi tama at hindi balanseng doktrina ang aral na iyon.

1. Minamaliit ba nito ang persona ni Cristo: ang Kanyang likas na pagkatao, ang Kanyang mga katungkulan o ang Kanyang gawain?

2. Itinataas ba nito ang tao nang hiwalay sa ginawa ni Cristo sa krus at sa katayuan ng mananampalataya kay Cristo?

3. Nakasandal ba ito sa isang malabong talata o sa isang pilit na pagpapakahulugan?

4. Sinasalungat ba nito ang kabuuang diwa ng Kasulatan: ang persona ng Diyos, ang Kanyang paglalaan, plano, at bayan?

5. Sobra-sobra ba ang pagdidiin nito sa papel ng Espiritu Santo?

6. Hinihikayat ba nito ang maling pag-uugali o ang pag-iisip na mas nakatataas ka sa iba?

7. Pinaghahalo-halo ba nito ang Israel, ang Kaharian at ang Iglesia?

8. Itinutuon ba nito ang ating pansin sa pansamantala sa halip na sa walang-hanggan? sa materyal sa halip na sa espirituwal?

9. Ito ba ay manipis na pagbabalatkayo ng isang makabagong uso ng mundo?

Kung pumasa ang aral sa lahat ng pagsubok na ito, o kung hindi ka sigurado kung pumasa nga ito, sulit pa ring isailalim ito sa huling pagsubok na ito, kung saan ang sagot na "hindi" ay isang matinding babala na mag-ingat: Pinaniniwalaan ba ito ng mga kilala mong lumalakad na kasama ng Panginoon at kawangis ni Cristo?

© Uplook Ministries. Ginamit nang may pahintulot. Isinalin sa Tagalog ng KEE Philippine Missions.